## Part 3: Ang Tungkol sa Tao

### 3.1 ANG TAO AY MAY DIGNIDAD

Ang pagkalikha sa tao ay bukod-tangi. Ang tao ay makapaglalarawan ng karunungan, katuwiran at kabanalan ng Diyos. Kabilang sa mga katangiang tinanggap niya ay ang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, katapatan, kahinahunan at pagtitimpi sa sarili. Subalit hindi nangangahulugan na ang tao ay walang pinagkaiba sa Diyos.

Ang kalikasan ng Diyos ay sa Diyos lamang. Siya ay walang simula at walang wakas. Isa pang kahulugan na ang tao ay nagsasalarawan ng Diyos ay ang pagkakaroon niya ng talino, damdamin at kakayahang magpasya.

**Time Out**

1. Ano ang mailalarawan ng tao tungkol sa Diyos?

   ______________________________________________

2. Nang likhain ng Diyos ang tao ano ang kanyang tinanggap na katangian sa Diyos?

   ______________________________________________

3. May pinagkaiba ba ang Diyos sa tao?

   ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Espesyal ako sa mata ng Diyos dahil: |
| | Ang pagtingin ko sa aking kapwa-tao ay: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.




Genesis 1:26-28
Matapos likhain ng Diyos ang lahat ng mga halaman, hayop at iba pa at Siya ay nasiyahan sa mga ito, sinabi Niya, "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit." Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang larawan. Sila'y Kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala Niya.

Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan Ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa. Ibinibigay Ko rin sa inyo ang lahat ng uri ng halamang nagkakabinhi at mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo. Ang lahat ng halamang luntian ay ibinibigay Ko naman sa lahat ng hayop sa ibabaw ng lupa at sa lahat ng mga ibon." At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat Niyang ginawa, at lubos Siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga iyon ang ikaanim na araw.

- Ano ang nilikha ng Diyos sa ikaanim na araw?

  ______________________________________________

- Sino ang kalarawan ng tao?

  ______________________________________________

- Ano ang inutos ng Diyos sa tao matapos Niya itong likhain?

  ______________________________________________

  ______________________________________________


- Bakit sinasabing ang tao ay may dignidad?

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**
**Ano ang ibig-sabihin ng pagpapalang iginawad ng Diyos sa tao?**

Matapos likhain ng Diyos ang tao, sila ay kanilang pinagpala. Ang pagpapalang ito ay may kinalalaman sa pagluhod. Kaya ang nilalarawan sa eksenang ito ay ang pagluhod ng pinagpapalang tao sa harapan ng nagpapalang Diyos.

Ang pagluhod ay nagpapahiwatig ng dalawang bagay: pagsamba at pagpapasakop. Sa eksenang ito, nakapaloob ang meaning o fulfillment ng buhay ng tao. Ibig sabihin, matatagpuan ng tao ang kaligayahan o kaganapan ng kanyang buhay sa pagsamba at pagpapasakop o paglilingkod sa kanyang Maylikha. Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng ating pag-ibig sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanyang mga katangian at mga kamangha-manghang ginawa.



Labing-anim na taong gulang palang si Marie ngunit maaga siyang namulat sa realidad at kahirapan ng buhay. Dahil sa kahirapan madalas siyang binubully ng kanyang mga kaklase pati na rin ng kanyang mga tinuturing na kaibigan sa kadahilanang hindi siya makabili ng bagong uniporme at mga gamit na kailangan sa kanyang pag-aaral. Madalas din siyang utusan ng mga ito. Halos araw-araw ay ganoon ang sitwasyon ni Marie. Kaya't siya ay nanliit sa kanyang sarili dahil wala siyang magawa sa kanyang kalagayan. Nais lamang ni Marie na tanggapin siya ng mga ito.

Sa kalagayan ni Marie, Siya ba ay espesyal sa mata ng Diyos? Dapat bang naisin ni Marie na siya ay tanggapin ng mga kaklase?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



Bakit nga ba espesyal ang tao sa mata ng Diyos? Ito ang dahilan: In the beginning God created man in the image of God. Kaya naman pagdating sa ating pakikitungo sa ibang tao huwag nating kalilimutan na ang kahalagahan ng tao ay nasasakanyang pagkalikha. Ibig sabihin, ang Diyos ang nagbigay sa tao ng kanyang halaga at ng kanyang value or worth. Samakatuwid ang kahalagahan ng tao ay wala sa kanyang sariling opinion o opinion ng ibang tao. Ang kanyang halaga ay wala rin sa kanyang physical appearance or abilities. At wala rin sa kanyang performance – successful man siya o failure.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Marie, ano ang iyong gagawin?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Anong klaseng pagtingin mayroon ka sa mayaman at mahirap? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Base sa iyong obserbasyon, pantay-pantay ba ang pagtingin ng mga kabatan sa kapwa nila?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Espesyal ako sa mata ng Diyos dahil: |
| | Ang pagtingin ko sa aking kapwa-tao ay: |

**Verse of the Day:**

Nilikha ng Panginoon ang tao mula sa alabok, at ito'y sa alabok din uuwi. Binigyan niya ang tao ng maikling buhay, ngunit ipinailalim sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa. Pinagkalooban Niya sila ng kalakasan tulad ng sa Kanya, at ginawa silang kawangis Niya. ***Ecclesiastico 17:1-3***